Pangalan: ____________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ___________ Petsa Nang Natapos: ___________Marka:_______

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Ang Batang Juan (Magagalang na Pananalita sa Pagtanggap ng Paumanhin)

**I. Panuto:** Bilugan ang letra ng pinakaangkop na gawin sa sumusunod na mga sitwasyon.

1. Humiram ng lapis ang iyong kaklase para sa inyong gagawing pagguhit sa Filipino. Hindi niya ito agad naisauli sa iyo pagkatapos niyang gamitin. Kinabukasan, lumapit siya sa iyo at humingi ng paumanhin. Ano ang iyong gagawin?
   a. Magagalit ka sa kaniya at hindi na siya pahihiramin pa sa susunod.
   b. Kukuhanin na lamang ang lapis.
   c. Kukuhanin ang lapis at tatanggapin ang kaniyang paumanhin.
2. Hindi sinasadyang napunit ang pahina ng librong iyong binabasa sa aklatan. Ano ang iyong gagawin?
   a. Hindi na lamang sasabihin sa librarian ang nangyari.
   b. Kakausapin ang librarian at sasabihin ang nangyari.
   c. Lalagyan mo na lamang ng tape ang bahaging napunit.
3. Naglalaro ang iyong mga kaklase ng habulan. Sa pagtakbo ng isa sa kanila, nabangga ka niya. Kinausap ka niya at humingi siya ng *sorry* sa iyo. Ano ang sasabihin mo sa kaniya?
   a. “Ano ka ba? Sa susunod kasi’y magdahan-dahan ka!”
   b. “Naku, pasensiya ka na rin. Hindi rin ako nag-ingat.”
   c. “Okey lang iyon.”
4. Inutusan kang magligpit ng nanay mo. Dumulas sa iyong kamay ang nililigpit mong platito kung kaya nabasag ito. Ano ang iyong gagawin?
   a. Sasabihin na nabasag ang platito at magso-sorry.
   b. Itatapon na lamang sa basurahan at di na sasabihin sa nanay.
   c. Sasabihin sa nanay na nabasag ang platito at mangangatwiran.
5. May usapan kayong magkaibigan na magkikita nang araw na iyon. Hindi pa siya dumarating gayong lampas na sa oras ng inyong usapan. Ano ang iyong gagawin?
   a. Aalis na lamang at hindi na siya hihintayin.
   b. Magagalit ka sa kaniya at hindi na siya babatiin kapag kayo’y nagkita.
   c. Hihintayin ang paliwanag ng kaibigan.

**II. Panuto:** Guhitan ng masayang mukha (☺) ang bilog kung tama at angkop ang mensahe at malungkot na mukha (☹) kung hindi.










